

Homework

Part Three. Kaligtasan at Kasiguruhan

Instruction:

1. Isulat ang titik ng tamang sagot.

Halimbawa:

Part 1 Tamang Pananaw

1. b
2. c
3. a
4. c
5. a

and so on

2. Ang sagot sa multiple choice at essay ay i-submit sa iyong pastor.

I. Multiple Choice

1. Ano ang hindi natin matututuhan sa mga talata sa Romans 3:23 at 6:23?
 - a. Kamatayan ang kabayaran ng kasalanan
 - b. Ang buhay na walang hanggan ay walang bayad na kaloob ng Diyos
 - c. May mga tao na nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos
 - d. Matatamo ang buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus
2. Ang gospel ni Jesu Cristo ay ang
 - a. Kanyang kapanganakan
 - b. Mabuting balita ng kaligtasan
 - c. None of the above
3. Ang kaligtasan ay natatamo
 - a. Sa pamamagitan ng mabubuting gawa
 - b. Dahil sa biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng pagtitiwala.
 - c. All of the above
4. Ano ang mga bagay na dapat tandaan sa mga passages ng Matthew 1:18-21?
 - a. Si Jesus na anak ni Maria ay nagmula sa Banal na Espiritu, kaya Siya ay totoong tao at totoong Diyos.
 - b. Si Jesus ay mula sa lahi ni David at Siya ang magliligtas sa Kanyang Bayan.
 - c. All of the above
5. Ang mabuting balita ay unang ibinunyag publicly sa
 - a. Bethlehem
 - b. Samaria
 - c. Rome
 - d. None of the above

6. Ayon sa Luke 2:8-11, ang gospel ay para sa
 - a. Pangparticular lamang sa mga Hudyo
 - b. Pangkalahatan sa sanlibutan
 - c. Both a & b
7. Ayon pa rin sa Luke 2:8-11, si Jesus ang pinangakong tagapagligtas.
 - a. True
 - b. False
8. Ano ang magkaparehong katotohanan na makikita natin sa mga talata ng John 14:6 at Acts 4:12?
 - a. Si Jesus lamang ang daan tungo sa kaligtasan.
 - b. Si Jesus ay isa sa mga daan patungong langit.
 - c. Si Jesus ay maaaring maging daan patungong langit.
9. Marami ang nakatatagpo at naglalakbay sa makipot na daan na sinasabi ni Jesus.
 - a. True
 - b. False
10. Base sa 2 Timothy 2:19, alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
 - a. Kilala ng Panginoon kung sino ang sa Kanya.
 - b. Mayroong maaaring mapahamak sa mga kinikilala ni Jesus.
 - c. Ang mga nagsasabing sila'y sa Panginoon ay dapat lumayo sa kasamaan.
11. Alin sa mga sumusunod na pangungusap ang hindi tama?
 - a. Ang hantungan ng lahat ng relihiyon ay sa langit.
 - b. Si Cristo lamang ang daan patungong langit.
 - c. None of the above
12. Sino ang kinikilala ni Jesus at sumusunod sa Kanya?
 - a. Lahat ng tao
 - b. Ang mga tupa at mga kambing
 - c. Ang Kanyang mga tupa
 - d. All of the above
13. Walang mapapahamak sa mga tupa ni Cristo sapagkat
 - a. Walang makaaagaw sa kanila sa kamay ni Cristo
 - b. Walang makaaagaw sa kanila sa kamay ng Diyos Ama
 - c. Both a and b
 - d. None of the above
14. Si Jesus at ang Diyos Ama ay
 - a. Iisa
 - b. Dalawang Diyos
 - c. All of the above
15. Kanino ipinahayag ni Cristo ang patungkol sa Ama?

- a. Sa lahat ng tao sa mundo
 - b. Sa mga tao na ibinigay sa Kanya ng Ama
 - c. All of the above
16. Sino muna ang nagma-may-ari sa tupa ni Cristo bago sila mapasa-Kanya ayon sa John 17:6?
- a. Ang mundo
 - b. Ang Diyos Ama
 - c. None of the above
17. Ang kalooban ng nagsugo kay Cristo, ayon sa John 6:39, ay
- a. Magkawatak-watak ang mga tupa
 - b. Hindi mawala isa man sa mga tupa na ibinigay sa Kanya
 - c. Ang lahat ng tao ay lumapit sa Kanya
 - d. All of the above
18. Sino ang nagsugo kay Cristo?
- a. Diyos Espiritu
 - b. Diyos Ama
 - c. Diyos Anak
19. Ang makapasok lamang sa kaharian ng langit ay
- a. Ang mga tumatawag kay Jesus na Panginoon
 - b. Ang mga gumagawa ng kalooban ng Diyos Ama
 - c. Ang lahat ng mga gumagawa ng mabuti
 - d. All of the above
20. Mayroon bang hindi kikilalanin si Jesus pagdating ng takdang panahon?
- a. Mayroon
 - b. Wala
21. Ang mga kinilala ng Diyos ay itinalaga Niyang
- a. Magkaroon ng maraming kayamanan sa mundo
 - b. Maihubog sa wangis ng Kanyang Anak
 - c. Magkaroon ng maligayang buhay
22. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
- a. Ang dalawang uri ng kamatayan ay spiritual at physical death
 - b. Ang lahat ng tao na ipinanganak pagkatapos ni Adan ay spiritually dead.
 - c. Ang physical death ay mararanasan ng lahat ng taong nabubuhay sa lupa.
 - d. None of the above
23. Ang spiritual death ay ang paghihiwalay ng kaluluwa ng tao sa kanyang lupang katawan.
- a. True
 - b. False
24. Ang ibinigay ni Cristo sa mga nakikinig sa Kanyang tinig at sumusunod sa Kanya ay

- a. Buhay na puno ng gantimpala
- b. Buhay ng karangyaan
- c. Buhay na walang hanggan

25. Ang kahulugan ng buhay na walang hanggan ay

- a. Ang makilala ng mga tupa ang Ama at ang isinugo Niyang Anak na si Jesus
- b. Ang mga tupa ay magkaroon ng buhay na punong-puno ng pagmamahal
- c. All of the above

II. Essay (answer in 250 words each question)

- 1. Gumawa ng isang prayer na taglay ang limang bahagi ng panalangin ayon sa pattern na ibinigay ng Panginoong Jesus.



© Revised March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa

All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.